



Sofibats by Hadrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil al-Hakkani

MAGKAROON NG PAGMAMAHAL SA MGA SHAYKH

*Assalamu Alaykum wa Rahmatullah wa Barakatuh,
Auzu Billahi Minashaytanir Rajeem. Bismillahir Rahmanir Raheem,
Wassalatu Wassalamu ala Rasulina Muhammadin Sayyidul Anwwalin wal Akhirin,
Madad Ya Rasulallah, Madad Ya As'habi RasuLillah, Madad Ya Mashayikhina,
Sheykh Abdullah Daghestani, Sheykh Nazim al-Haqqani. Dastur.
Tariqatunas sobba, wal khayru fil jamiyya.*

“Inda thikrussaliheen tanzilur rahma.” (Hadith Sharif) Ang Awa ay bumababa kapag may mga Salih na nababanggit. Ang araw na ito ay ang araw ng pagdaan ni Grandshaykh patungo sa kabilang buhay. Siya’y lagi nating binabanggit. Araw-araw nating hinihingi ang kanyang Madad. Nawa’y laging andito ang Himmat niya.

Ang pagrespeto kay Grandshaykh ay di dapat isang araw lang. Kailangan nating banggitin ang mga Awliya at Mashaykh araw-araw. Pasalamatan mo ang Allah na nababanggit natin sila araw-araw. Di lang dapat isang araw dahil kailangan laging nasa puso natin at bawat oras si Grandshaykh. Laging nandito ang Himmat niya Alhamdulillah. Ang pag-alala sa kanila ay dapat minsan lang sa isang taon.

Alhamdulillah ang Himmat at Madad nila ay laging nandito. Kapag may problema, darating ang Himmat nila sa pagsambit mo ng Madad. Ito ang mga Himmat ng mga Dakilang Awliya, Mashaykh, at mga guro natin. Sila’y buhay. Sarado lang ang kanilang mata sa mundo pero ito’y bukas sa kabilang buhay. Buhay na buhay ang Himmat nila at mas malakas.

Ito ang Aqeeda at paniniwala natin, Aqeeda ng Ahlus Sunnah Wal Jamaah. Ang kamatayan ay di katapusan. Sila’y buhay, sila ang mga mahal na alipin ng Allah. Sila’y nasa maqam ng Hayy Alhamdulillah. Lagi mong hingiin ang Himmat at Madad nila dahil makakabuti ito dito sa mundo. Isang magandang bagay na may taong maari mong hingian ng tulong.

Wag mong sabihin na “Makakaya nating gawin ito.” Isang magandang bagay kapag may nakahawak sa kamay mo, magandang biyaya. Alhamdulillah. Kaunti lang ang nabigyan ng ganitong Himmat. Ang mga bagay na sinabi sa atin ni Mawlana Shaykh Nazim(qs) ay nakuha mula sa ganoong kabutihan na paghingi ng madad.

1. Pious person
2. Spiritual help
3. Spiritual support
5. Shaykhs



Sohbats by
Hadrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil al-Hakkani

Kahit na di nila nakita sila, nagkaroon sila ng pagmamahal sa Banal na Propeta Muhammad alayhis salatu was salam, sa mga sahaba at mga mashaykh. Ito'y isang mabuting bagay na di lahat nabibigyan. Katulad ng ating sinabi, kaunti lang ang tinakdang bigyan nito. Alhamdulillah. Magpasalamat tayo sa mga biyayang ito. Dahil sa pagpapasalamat sa Allah mas dumadami ang biyaya natin. Ang mga tunay na biyaya ay ang mga espirital na bagay: Iman at Nur, In Sha Allah. Nawa'y mas dumami pa ang biyaya natin.

Wa Minallah at-Tawfeeq. Al-Fatiha.

Hazrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil
1 October 2016/29 Zulhijja 1437
Sabah Namaz, Akbaba Dargah

6. Nimat

7. Iman

8. Noor